| MATATAG K to 10 Curriculum Weekly Lesson Log | School | | Grade Level | 8 |
|---|---|---|---|---|
| | Name of Teacher | DepEd Click | Learning Area | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time | NOVEMBER 3-7, 2025 (WEEK 1) | Quarter | THIRD |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng pananakop ng Hapon at tekstong impormasyonal (persweysib) at editoryal para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng rebyu ng sanaysay na nasa video o animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>**Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng Pananakop ng Hapon kaugnay ng mga tekstong pampanitikan**<br>(a) Natatalakay ang mahahalagang pangyayari sa panitikan sa panahon ng pananakop ng mga Hapones sa Pilipinas<br>(b) Nasusuri ang kalagayan at katangian ng panitikan sa panahong ito<br>(c) Napahahalagahan ang kasaysayan ng panitikan sa panahon ng pananakop ng Hapon |
| **D. Nilalaman** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Hapon<br>- Mga akda sa panahon ng pananakop ng Hapon<br>- Gintong panahon ng pagsulat sa Tagalog<br>- Akdang nagpapakita ng buhay sa lalawigan<br>- Mga positibo at negatibong epekto ng panahon ng hapon |
| **E. Integrasyon** | Edukasyong Pangkapayapaan |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Rubin, L., Casanva, A., Gonzales, L., Marin, L., Semorlan, T., (2001). Panitikan sa Pilipinas. Rex Book Store, Inc. Sampaloc, Manila.<br>Salazar, L., Atienza, O., Ramos, M., Nazal, A., (1995). Panitikang Filipino Pangatlong Edisyon. Katha Publishing, Co. Inc. Quezon City |

Santiago, E., Kahayon, A., Limdico, M., (1989). Panitikang Filipino. National Book Store. Mandaluyong City
Santiago, L. (2007). Mga Panitikan ng Pilipinas. C & E Publishing Inc. Quezon City.
Sauco, C., Papa, N., Sta. Ana, N., (1997). Panitikang Filipino (Pandalubhasaan). Katha Publishing, Co. Inc. Quezon City

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**MAGBAHAGINAN TAYO:** Sagutin ang mga tanong kaugnay ng mga natalakay na paksa sa nakarang kwarter.<br><br><br>Faillace, G. (1944). Gen. Douglas MacArthur wades ashore during initial landings at Leyte, Philippine Islands [Online photo]. Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Douglas_MacArthur_lands_Leyte1.jpg.<br><br>**Gabay na tanong:**<br>1. Ano-ano ang mga positibo at negatibong epekto ng pananakop ng mga Amerikano sa bansa?<br>2. Ano ang tema ng panitikang lumaganap noong panahon ng mga Amerikano?<br>3. Masasabi mo bang maganda ang naging epekto ng pananakop ng mga Amerikano batay sa kultura? Pangatwiranan.<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)**<br><br>**2.1. SURI-TALAKAY:** Suriin ang ginawang pagbabahagi ng bawat pangkat. Isulat ang kalakasan, kahinaan ng pagbabahagi ng pangkat. Isulat ang mungkahi upang mapagbuti ng pangkat ang kanilang pagbabahagi.<br><br>Bilang ng Pangkat: ______________________ Marka: _________ | Maaaring gawing pangkalahatan o pangkatang talakayan ang balik-aral.<br>Ipapares ang mga pangkat upang gawin ang pagbabahaginan. Bawat pares na pangkat ay magbibigay ng pagmamarka batay sa ginawang pagbabahagi at pagtalakay.<br><br>Maaaring magdagdag ng tanong.<br><br>Mas mahaba ito na balik-aral kumpara sa balik-aral ng mga nakaraang linggo dahil ito ay balik-aral na nais matukoy ang mga mahahalagang impormasyon na natatandaan pa sa nakaraang kwarter bago tumungo sa bagong aralin. |

| KALAKASAN | KAHINAAN | PAANO PA MAPAUNLAD |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**Rubrik:**

Bilang ng Pangkat: ________________________ Marka: __________

| MGA PAMANTAYAN | NAPAKAHUSAY (4) | MAHUSAY (3) | DI-GAANONG MAHUSAY (2) | PAGHUSAYAN PA (1) |
|---|---|---|---|---|
| Paglalahad | Napakaayos at angkop ang ginawang paglalahad | Maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Malabo ang ginawang paglalahad |
| Nilalaman | Napakalinaw ng nilalaman ng ulat | Malinaw ang nilalaman ng ulat | Hindi gaanong malinaw ng nilalaman ng ulat | Malabo ang nilalaman ng ulat |
| Kawastuhan | Lubos ang kawastuhan ng mga detalye at impormasyon | Sapat ang mga detalye at impormasyon | May isa o dalawang mali sa mga detalye at impormasyon | Maraming mali sa mga detalye at impormasyon |

**2.2 Sintesis -** Magbabahagi ang bawat pangkat ng pagsusuri sa ginawang pagtalakay ng pangkat at ibibigay ang pinakatumatak na kaalaman nakuha sa pangkat.

**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**LARAWANALISIS** - Suriin ang ipinahihiwatig ng larawan.



**Gabay na tanong:**

1. Kailan kaya ang panahong ito batay sa kasaysayan sa Pilipinas?

2. Ano-ano ang iyong nalalaman tungkol sa kalagayan ng bansa noong panahon ng Hapon?

U.S. Marine Corps. (1942). Picture of soldiers marching in the Bataan Death March. Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Burial_detail_at_Camp_O%27Donnell_after_Bataan_Death_March.jpg.

**INTRODUKSIYON**

Ang panitikan ay nagsilbing salamin ng ating bansa batay sa kasaysayan ng Pilipinas. Nakatala sa mga panitikan ang mga pangarap, saloobin, at karanasan ng mga Pilipino. Sa pag-aaral ng panitikan ng Pilipinas, nabibigyang halaga ang pagiging Pilipino batay sa kultura at wikang ginamit upang maiparating ang mahahalagang kasaysayan ng bansa.

Para sa buong kwarter 3, pag-aaralan ang mga panitikan sa panahon ng Hapon. Tatalakayin ang mahahalagang pangyayari, susuriin ang kalagayan at katangian ng panitikan sa panahong ito, at mapapahahalagahan ang kasaysayan ng panitikan sa panahon ng Hapon Tatalakayin ang mga panitikang impluwensya ng mga Hapon gaya ng haiku, tangka, at tanaga, mga dula, maikling kuwento, editoryal na lumaganap noong panahong ito. Sa pagtatapos ng ikatlong kuwarter, inaasahang makabubuo ng rebyu ng sanaysay sa pamamagitan ng tekstong multimodal kagaya ng *video* o animasyon ang mga mag-aaral.

Para sa unang linggo, ang tuon ng aralin ay tungkol sa kaligirang pangkasaysayan ng panitikan sa panahon ng Hapon.

**GA**

1. Ano ang mahahalagang pangyayari noong panahon ng Hapon sa Pilipinas?
2. Ano ang naging kalagayan ng panitikan sa panahon ng Hapon?
3. Ano ang naging epekto at impuwensya ng Hapon sa panitikang Pilipino?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**Mga Tamang Sagot:**

| | | |
|---|---|---|
| | **TALASALITAAN** – Basahin at unawain ang pangungusap. Bilugan ang titik ng kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa loob ng pangungusap.<br><br>1. Ag Pilipinas na nasa ilalim ng kapangyarihan ng Estados Unidos ay nilusob ng Imperyo ng Hapon noong 1942.<br>A. inatake C. sinira<br>B. kinampihan D. binisita<br><br>2. Binomba ng hukbo ng sundalong Hapones ang Pilipinas noong Disyembre 8, 1941.<br>A. ibinuhusan C. pinasabugan<br>B. hinagisan D. kinasahan<br><br>3. Pagkaraan ng ilang mga linggo pagkatapos bombahin ng hukbo ng mga sundalong Hapones ang Pilipinas, umatras sina General Douglas McArthur na kasama ang pamahalaan ni Pangulong Manuel L. Quezon.<br>A. sumuko C. umusad<br>B. umurong D. lumaban<br><br>4. Sumibol nang lubos ang panitikan ng bansa nang pinagbawal ng Hapon ang paggamit ng wikang Ingles at itinaguyod ang pagpapayaman sa panitikan gamit ang katutubong wika.<br>A. kinilala C. pinagbawal<br>B. kinalimutan D. umusbong<br><br>5. Ang panahon ng pananakop ng Hapon ay tinaguriang Gintong Panahon ng Panitikang Pilipino dahil malaya ang mga manunulat sa pagsulat ng panitikan at pagsanib ng kultura, kaugalian, at paniniwalang Pilipino.<br>A. kinilala C. tinanggihan<br>B. kinalimutan D. tinapos | 1. A<br>2. C<br>3. B<br>4. D<br>5. A |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Panitikan sa Panahon ng Hapon**<br>- Mga Akda sa panahon ng pananakop ng Hapon<br>- Gintong panahon ng pagsulat ng Tagalog<br>- Akdang nagpapakita ng buhay sa lalawigan<br>- Mga Positibo at Negatibong Epekto ng Pananakop ng Hapon<br><br>**Pilipinas, Dagok at Pamumukadkad sa Ilalim ng Pananakop ng Hapon**<br>Allan A. Ortiz<br>Nang sakupin ng Hapon ang Pilipinas noong 1942 hanggang 1945 ay maraming pagbabago sa bansa sa larangan ng kultura at panitikan. Nagsimula ito nang nilusob ng | Narito ang ilang mga link na maaaring mabasa kaugnay ng mahahalagang impormasyon sa kaligirang pangkasaysayan ng pananakop ng Hapon:<br>https://allanalmosaortiz.blogspot.com/2024/06/pilipinas-dagok-at-pamumukadkad-sa.html |

| | | |
|---|---|---|
| | Imperyong Hapon ang Pilipinas na tinatabanan o nasa ilalim ng kapangyarihan ng Estados Unidos.<br>Noong Disyembre 8, 1941, binomba ng hukbo ng mga sundalong Hapones ang Pilipinas, isang araw pagkaraang bombahin nila ang Pearl Harbor, Hawaii, at Estados Unidos. Pagkatapos ng ilang linggo, umatras sina Heneral Douglas McArthur at ang pamahalaan ni Manuel L. Quezon. Pinasok ng militar ng Hapon ang Maynila noong Enero 2, 1942.<br>Sumuko ang Bataan sa puwersa ng mga Hapones noong Abril 9, 1942. Ang mga bilanggo ng digmaan ay pinaglakad ng mga Hapones (ang tinatawag na Martsa ng Kamatayan) papunta sa isang kampo ng konsentrasyon sa Capas, Tarlac.<br>Ang panahon ng pananakop ng Hapon ay tumutukoy sa mga akdang pampanitikan na nilikha at naisulat noong panahon ng pananakop ng Hapon sa Pilipinas. Ito ay panahon ng malaking pagbabago at pagsubok para sa mga manunulat at mga akdang Pilipino. Sa panahong ito, ang mga manunulat ay nakaranas ng mga paghihirap at pagkakakulong.<br>Isa sa mga akdang lumaganap noong dumating ang mga Hapones ay ang Tanka at Haiku. Ang Haiku ay binubuo ng tatlong taludtod at may bilang ng pantig na 5-7-5 samantalang ang Tanka ay binubuo ng limang taludtod at may bilang ng pantig na 5-7-5-7-7. Ang mga tulang ito ay nagpapakita ng buhay, imahe, at damdamin sa pamamagitan ng kakaunting salita lamang.<br>Ipinagbawal ng mga Hapon ang pagsalita at pagsulat ng wikang banyaga, partikular na ang Ingles. Dahil dito, naging malaya ang mga Pilipino sa pagsulat ng kanilang mga panitikan na kasama ang kanilang kultura, mga paniniwala, at kaugalian. Nakasulat muli ang mga Pilipino ng mga tulang Tagalog at natuto silang magsulat ng mga Haiku na may malalim na taglay na talinghaga. Ang mga akdang ito ay naglalarawan ng buhay sa lalawigan, pagsasaka, pangingisda, at iba pang aspeto ng buhay sa mga probinsya. Ipinakita ng mga manunulat ang mga karanasan, tradisyon, at kultura ng mga tao sa mga malalayong lugar.<br>Pagkatapos ng pagbagsak ng Bataan, umatras si MacArthur patungong Australia. Pinalitan siya sa Corregidor ni Heneral Jonathan Wainwright, upang ipagpatuloy ang pakikipaglaban, hanggang sa mapilitang sumuko ang mga Pilipino at Amerikano pagkalipas ng 27 mga araw.<br>Nagtagal nang tatlong mga taon ang pananakop o okupasyon ng mga Hapones sa Pilipinas. Itinayo ng mga Hapones ang isang pamahalaang tau-tauhan lamang nila, at ang nagsisilbing pangulo ay si Jose P. Laurel.<br>Noong Oktubre 1944, nagsimula ang digmaan ng pagpapalaya sa Pilipinas mula sa mga Hapones nang lumapag ang mga puwersa ni Douglas MacArthur sa Leyte.<br>Naproklama bilang bagong pangulo ng Pilipinas si Sergio Osmeña nang mamatay si Manuel Quezon.<br>Malakas na nabomba ng mga sundalo ng Estados Unidos ang Maynila noong Pebrero 1945. Nasukol ng mga Amerikano ang mga puwersang militar ni Heneral Homma, na napilitang sumuko noong mabigo ang mga ito sa tinatangka nilang pagtakas | |

May mga magagandang idinulot ang pananakop ng Hapon sa bansa. Nagkaroon ng dibersidad pagdating sa paniniwala dahil sa pagpapalawig ng kulturang Pilipino. Naging mas maayos at kontrolado ang sistema ng pamumuno sa mga nasasakupan. Nabigyan muli ng sigla ang wikang Pambansa at natuto ang mga Pilipino magsulat ng mga Haiku.

Hindi mawawala ang masamang epekto ng pananakop ng Hapon sa Pilipinas. Nabago ng Kristiyanismo ang mga tradisyon at paniniwalang mga Pilipino. Hindi lahat ng Pilipino ay nabigyan ng pagkakataong makapag-aral, at nanatiling mga alipin ang ilan sa kanila. Nawalan ng kalayaan ang mga Pilipino na totoong pamahalaan ang sariling bansa.

Sa kabuuan, ang panahon ng pananakop ng Hapon ay nagdulot ng mga pagbabago at pag-usbong sa larangan ng panitikan, kultura, at lipunan sa Pilipinas. Ito ay isang yugto na nagbigay daan sa pag-angat at pagkakakilanlan ng mga Pilipino bilang isang malayang bansa.

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**


**PANGKATALAKAYAN -** Hahatiin ang klase sa pangkat upang gawin ang pangkatang talakayan gamit ang mga *graphic organizers.* Ibabahagi sa klase ang mga impormayong kanilang naitala.

*Pangkat 1*


**TALAHANAYAN -** Itala ang mga hinihinging impormasyon sa talahanayan.




*Pangkat 2*




*Pangkat 3*




Itatala ng mga mag-aaral ang mga impormasyong hinihingi sa talahanayan. Maaaring magsaliksik ng karagdagang impormasyon ang mga mag-aaral sa tulong ng kanilang smart phone.

Maaari ding sa nakaraang araw ay banggitin o itakda na ng guro ang pagsasaliksik sa mga paksa ng gawain.

Gamit ang rubrik ay mamarkahan ang pagbabahagi ng bawat pangkat.

**Rubric:**

Bilang ng Pangkat: ______________________ Marka: _________

| MGA PAMANTAYAN | NAPAKAHUSAY (4) | Mahusay (3) | Di-Gaanong Mahusay (2) | Paghusayan Pa (1) |
|---|---|---|---|---|
| Paglalahad | Napakaayos at angkop ang ginawang paglalahad | Maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Malabo ang ginawang paglalahad |
| Nilalaman | Napakalinaw ng nilalaman ng ulat | Malinaw ang nilalaman ng ulat | Hindi gaanong malinaw ng nilalaman ng ulat | Malabo ang nilalaman ng ulat |
| Kawastuhan | Higit na tama ang mga detalye at impormasyon | Sapat ang mga detalye at impormasyon | May isa o dalawang mali sa mga detalye at impormasyon | Maraming mali sa mga detalye at impormasyon |
| Kagamitan | Higit na nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Hindi gaanong nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Walang ginamit na props sa ginawang pag-uulat |
| Pagkakasunod-sunod | Napakaayos ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad | Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad | Lubhang magulo ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad |

I-proseso ang sagot ng mga mag-aaral.
Ituon sa integrasyong:

- Pagpapayaman ng panitikan at kulturang Pilipino
- Pagtataguyod ng kapayapaan

**Mga Tamang Sagot:**

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**TAMA O MALI:** Isulat sa patlang ang **T** kung tama ang impormasyon at **M** kung mali.

_____________1. Sinakop ng bansang Hapon ang Pilipinas noong 1940.
_____________2. Pinasok ng militar ng Hapon ang Maynila noong Enero 2, 1942.
____________3. Sumuko sina Heneral Douglas McArthur at ang pamahalaan ni Manuel L. Quezon sa hukbo ng Hapon.
____________4. Naproklama bilang bagong pangulo ng Pilipinas si Sergio Osmeña nang mamatay si Manuel Quezon.
___________ 5. Ipinagbawal ng mga Hapon ang pagsalita at pagsulat ng wikang banyaga, partikular na ang Ingles.

1. M
2. T
3. M
4. T
5. T

**IKAAPAT NA ARAW**

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**BALITAKTAKAN** – Magkakaroon ng malayang pagbabahaginan ang mga mag-aaral batay sa kanilang opinyon o saloobin tungkol sa sumusunod na usapin:

1. "Golden Age" na relasyon ng Pilipinas at Hapon.

2. Pag-export ng Pilipinas ng okra sa bansang Hapon

**Tanong-Tugon:** Punan ang sumusunod na katanungan.

| Tanong | Tugon |
|---|---|
| 1. Ano-ano ang masamang epekto ng pananakop ng Hapon sa bansa at mamamayan nito? | |
| 2. Ano-ano ang mabuting epekto ng pananakop ng Hapon sa bansa at mamamayan nito? | |

Bago pa ang araw ng paglalapat at pag-uugnay Ibigay na takdang-aralin sa mag-aaral ang pananaliksik tingkol sa mga nakatalang usapin sa Balitaktakan.

Ang **balitaktakan** ay gawain ng buong klase o maaaring hatiin sa dalawang pangkat o panig.

Maaari ding mag-isip ng iba pang napapanahong isyu o usapin tungkol sa Pilipinas at Hapon na maiuugnay o akma sa tinalakay na aralin.

*Ang gawaing **Tanong-Tugon** at **Balik-Gabay** ay pangkatang gawain.


| 3. Bakit lumalim ang magandang relasyon ng Pilipinas at Hapon? | |
|---|---|
| 4. Paano mo pahahalagahan ang mga ito upang mapagyaman ang mabuting epekto at tugunan ang masamang epekto ng pananakop ng Hapon sa bansa? | |

Ituon sa integrasyong:

- Pagpapayaman ng panitikan at kulturang Pilipino
- Pagtataguyod ng kapayapaan

**Balik-Gabay**

Balikan ang gabay na mga tanong sa Introduksiyon at sagutin ito.




Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabahagi ng kanilang saloobin at opinyon tungkol sa usapin.

**Rubrik sa Pagmamarka**

5- Napakahusay
4- Mahusay
3- Katamtamang Husay
2- Di-Gaanong Mahusay
1- Nangangailangan ng Pagpapahusay

| **Pamantayan** | **Iskor** |
|---|---|
| 1. Nasagot ba nang wasto ng mga tanong sa pagsusuri? | |
| 2. Malinaw bang naipaliwanag ang pasalitang pag-uulat? | |
| 3. Nakibahagi ba ang lahat sa pagsasagawa sa iniatang na gawain? | |
| **Kabuoan (15 puntos)** | |

**D. Paglalahat**

**1. Pabaong Pagkatuto**

| | | |
|---|---|---|
| | **GUHIT NG PAGKATUTO –** Iguhit sa papel ang iyong nabatid o natutuhan mula sa pagtalakay tungkol sa kaligirang pangkasaysayan ng pananakop ng Hapon sa Pilipinas.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**3-2-1**: Pasalita<br>Ibigay ang pagkatuto gamit ang 3-2-1 na pamamaraan:<br>● **3 -** Nalaman o natutuhan mo sa pagtalakay<br>____________________________________________.<br>____________________________________________.<br>____________________________________________.<br>● **2 –** Tanong na naiisip mo tungkol sa aralin<br>____________________________________________.<br>____________________________________________.<br>● **1** – aspeto ng talakayan na nagustuhan o tumatak sa iyo.<br>________________________________________.<br>**GABAY-NILAY**: Pasulat<br>Isulat sa isang talata ang sagot sa mga sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang naging hamon o balakid sa inyong pagkatuto?<br>2. Ano ang nakatulong upang maunawaan ang aralin?<br>3. Ano ang dapat ninyong gawin upang mapaunlad pa ang pagkatuto sa aralin? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit:** Bilugan ang titik ng wastong sagot.<br><br>1. Ang panahon na kinilalang “Gintong Panahon ng Panitikan sa PIlipinas”.<br>A. Panahon ng HImagsikan     C. Panahon ng Espanyol<br>B. Panahon ng Hapon     D. Panahon ng Propaganda<br>2. Panahon kung kailan nasakop ng Hapon ang bansang PIlipinas.<br>A. 1942-1947     C. 1940-1945<br>B. 1942-1945     D. 1941-1945<br>3. Alin sa mga sumusunod ang impluwensiyang Hapon sa Pilipinas?<br>A. tanka     C. origami<br>B. haiku     D. Lahat ng nabanggit<br>4. Ilang taludtod ang binubuo ng tanka?<br>A. 2     C. 4 | **Mga Tamang Sagot:**<br><br>1. B<br>2. B<br>3. D<br>4. D<br>5. C |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">B. 3 D. 5<br>5. Ano ang sukat ng haiku?<br>A. 7-7-5-5-5 C. 5-7-5<br>B. 7-5-7 D. 5-5-5-7-7<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>- Magsaliksik tungkol sa haiku sa Pilipinas.<br>- Magbigay ng ilang halimbawa ng haiku.<br>- Magsaliksik tungkol sa sangkap at elemento ng tula.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>